



NANCY BARGMANN
DIREKTOR

Estado ng California—Ahensya ng mga Serbisyong Pangkalusugan at Pantao
Kagawaran ng mga Serbisyo sa Pag-unlad
1215 O Street, Sacramento, CA 95814
www.dds.ca.gov



GAVIN NEWSOM
GOBERNADOR

Hunyo 30, 2023

PARA SA: MGA EXECUTIVE DIRECTOR NG REGIONAL CENTER

PAKSA: SELF-DETERMINATION PROGRAM: PANGHULING EXTENSION NG INISYAL NA PLANONG NAKATUON SA INDIBIDWAL AT SUPORTA SA TRANSISYON BAGO MAG-ENROLL

Nakasaad sa patnubay ng Kagawaran ng mga Serbisyo sa Pag-unlad o Department of Developmental Services (Kagawaran) [Hulyo 28, 2022](#) ang mga serbisyong magagamit ng mga potensyal na kalahok ng Self-Determination Program (SDP) at kanilang mga pamilya na nakakumpleto ng SDP orientation at mag-ee-roll na sa SDP. Naglabas ang Kagawaran ng karagdagang patnubay noong [Disyembre 2, 2022](#) para palawigin ang mga petsa para sa parehong Opsyon A at B (inilarawan sa ibaba) para sa Mga Self-Directed Support at para bumuo ng standardized vendorization packet. Ang standardized vendorization packet ay ibinigay sa gabay noong [Marso 20, 2023](#).

- **Opsyon A:** Availability na hanggang \$2,500 para sa unang pagpaplanong nakasentro sa indibidwal at mga suporta sa transisyon sa pamamagitan ng reimbursement ng pagbili (service code 024) o sa pamamagitan ng isang vendored provider ng mga serbisyo sa pagpaplanong nakasentro sa indibidwal.
- **Opsyon B:** Availability na hanggang \$1,000 para sa mga unang serbisyo sa pagpaplanong nakasentro sa indibidwal sa pamamagitan ng reimbursement ng pagbili (service code 024) at hanggang 40 oras ng mga Self-Directed Support (service code 099).

Ang layunin ng sulat na ito ay magbigay ng panghuling petsa ng extension para sa Opsyon A, upang magbigay ng karagdagang oras para sa mga regional center hanggang sa mga vendor provider ng mga Self-Directed Support (service code 099), at upang linawin ang mga kinakailangan sa billing para sa mga na-access na suporta sa transisyon bago mag-enroll sa pamamagitan ng Opsyon A para sa panahon ng extension. Maaaring kasama sa iba pang paraan upang matiyak ang napapanahong pag-enroll sa SDP ng mga interesadong konsumer ang mga suportang direktang ibinigay ng regional center o sa pamamagitan ng mga pondo ng SDP na available sa mga Local Volunteer Advisory Committee.

Panghuling Extension ng Mga Opsyon para sa mga Suporta sa Transisyon Bago Mag-enroll

- Ang Opsyon A ay mananatiling magagamit na opsyon hanggang Disyembre 31, 2023 lamang.
- Epektibo sa Enero 1, 2024, ang Opsyon A ay hindi na magiging available, ni ang anumang iba pang opsyon na sumasalamin sa Opsyon A gaya ng inilalarawan sa [Hulyo 28, 2022](#) na patnubay.
- Ang Opsyon B ay mananatiling available na opsyon at magiging tanging opsyon simula Enero 1, 2024.

Mga Executive Director ng Regional Center
Hunyo 30, 2023
Ikalawang pahina

Mga Kinakailangan sa Pagsingil sa Mga Suporta sa Transisyon Bago Mag-enroll

Para sa mga serbisyong ibinigay sa o pagkatapos ng Hulyo 1, 2023, sa ilalim ng Opsyon A o Opsyon B, ang lahat ng paunang serbisyo sa pagpapalano na nakasentro sa indibidwal at mga suporta sa transisyon na binayaran sa pamamagitan ng reimbursement ng pagbili (service code 024) ay dapat matugunan ang mga kinakailangan sa pagsingil na tinukoy sa ibaba.

Ang mga invoice para sa mga reimbursement sa pagbili ay dapat kasama, sa pinakamababa, ang mga sumusunod (tingnan ang nakalakip para sa sample na template):

- Singil kada oras
- Petsa kung kailan ibinigay ang bawat serbisyo/gawain
- Paglalarawan ng serbisyo/trabahong ginawa
- Halaga ng oras na ginugol sa bawat serbisyo/gawain na ibinigay para sa yugto ng panahon ng invoice at ang prorated na halaga ng serbisyong iyon

Kung ang mga kalahok at/o ang kanilang mga pamilya ay may mga katanungan tungkol sa sulat na ito, dapat silang makipag-ugnayan sa kanilang regional center. Ang mga tanong mula sa mga regional center ay dapat idirekta sa sdp@dds.ca.gov.

Taos-puso,

Ang Orihinal na Kopya ay Pinirmahan ni:

VICKI L. SMITH, Ph.D.
Deputy Director
Policy and Program Development Division

Kalakip

cc: Mga Administrador ng Regional Center
Mga Direktor ng mga Serbisyo sa Konsumidor ng Regional Center
Mga Direktor ng mga Serbisyo sa Komunidad ng Regional Center
Asosasyon ng mga Ahensya ng Regional Center
Konseho ng Estado sa mga Kapansanan sa Pag-unlad
Nancy Bargmann, Kagawaran ng mga Serbisyo sa Pag-unlad
Brian Winfield, Kagawaran ng Mga Serbisyo sa Pag-unlad
Carla Castañeda, Kagawaran ng Mga Serbisyo sa Pag-unlad
Ernie Cruz, Kagawaran ng Mga Serbisyo sa Pag-unlad
Jim Knight, Kagawaran ng Mga Serbisyo sa Pag-unlad
Suzy Requarth, Kagawaran ng mga Serbisyo sa Pag-unlad
Kathleen Dempsey, Kagawaran ng mga Serbisyo sa Pag-unlad